Ilaw ng Sanlibutan

Ako ang ilaw ng sanlibutan. Ang sinumang sumusunod sa Akin ay hindi lalakad sa kadiliman kundi magkakaroon ng ilaw ng buhay (John 8:12).

Sinabi ni Jesus na Siya ang tinapay ng buhay. Sinabi Niya rin na Siya ang ilaw ng buhay.

Tinagurian ng Bibliya na ang mundong ito ay kaharian ng kadiliman. Kaya ang karamihan ng tao sa sanlibutan ay walang pagwawari sa liwanag ng katotohanan na bumabalot sa pagkatao ni Jesus. Dito sa ating bansa napakarami ang nagsasabi na kinikilala nila si Jesus bilang Anak ng Diyos, subalit wala silang interes na kilalanin Siya ng lubusan.

Sa pamamagitan ng salita ng Diyos, na nagsisilbing lampara ng ating mga paa at ilaw sa ating lalakaran, mas makikilala natin ang katauhan ni Jesus na Diyos Anak, na nagkatawang lupa namatay sa krus ng kalbaryo upang tubusin tayo sa ating mga kasalanan. Siya ay nabuhay muli to conquer death. Sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos at pagtitiwala kay Cristo na ating manunubos at Panginoon ay matatamo natin ang Kanyang ipinagkakaloob na buhay na walang hanggan.

Kung ikaw ay naniniwala sa mga katotohanang ito, ikaw ay nakay Cristo na.

Kung hindi pa, si Jesus lamang ang makapagbibigay ng liwanag sa madilim na mundo na iyong ginagalawan.

Kaibigan, pagtiwalaan mo ang Kanyang salita, *Ako ang ilaw ng sanlibutan. Ang sinumang sumusunod sa Akin ay hindi lalakad sa kadiliman kundi magkakaroon ng ilaw ng buhay*.